



Yangon Declaration

Pahayag ng mga Kabataan ng ASEAN

Isang komunidad! Isang istrategiya! Nagkakaisang kabataan!

Kami, mga kabataan ng ASEAN, ay naninindigang itataguyod ang isang ASEAN na pantay-pantay, walang diskriminasyon, ligtas, payapa at higit sa lahat may kaunlaran para sa lahat na naayon sa prinsipyo at halagang iniuukol sa karapatang pantao, demokrasya, hustisiya at kalayaan ng bawat indibidwal na mamamayan.

Kami, mga kabataan ng ASEAN, ay masidhing nanawagan sa pagkakabuo ng isang rehiyunal na komunidad na may pagpapahalaga sa karapatan, kapakanan, at mga basikong karapatang pantao ng lahat ng kabataan.

Kami, mga kabataan ng ASEAN, ay masidhing nanawagan sa suporta ng bawat lider at matataas na opisyal ng mga nasyong kabilang sa ASEAN na isakatuparan ang pagkakabuo ng maka-kabataan na komunidad na tumutugon sa pangangailangan at adbokasiya ng mga ito sa iba't ibang lebel at konteksto: rehiyunal, pambansa at lokal. Kaakibat nito ang pagsisiguro na ang mga Post-2015 Developmental Agenda ng rehiyon ay maisasakatuparan para sa lahat.

Upang maisakatuparan ang mga ito, masidhing sinusuportahan at hinihingi ang pagkilala at suporta sa mga sumusunod na aspeto:

1. Pagkilala sa ASEAN Youth Forum (AYF) bilang pangunahing kilusang rehiyunal na binubuo ng mga kabataan. Ito ay may kumpehensibong istruktura, hanay na sumasaklaw sa lahat ng nasyong miyembro ang ASEAN at higit sa lahat nagsusulong, nagbabantay at kumikilates sa lahat ng programa at polisiya na may kinalaman sa kabataan.
2. Pag-aangkop at pagpapalaganap ng isang perspektiba at lapit sa pormal at di-pormal na uri ng edukasyon na nakabatay sa pagkakapantay-pantay, pagkamakatao, makakabataan, siyentipiko at progresibong mga pananaw.
3. Agarang pagsasareporma at pagtatanggal ng mga polisiya at batas na naglalayong sikilin at kilalang kriminal ang pananaw ng mga kabataan patungkol sa politika, panlipunang katayuan, relihiyon at mga usaping kaugnay ng SOGIE (Sexual Orientation, Gender identity and Expression).
4. Makabuluhang pakikilahok at pagpapahalaga sa lahat ng kabataan sa bawat sektor ng lipunan lalo na sa mga grupong kinikilala bilang minoridad. Kaakibat nito ang paglalaan ng pagbubukas ng konsultasyon para sa lahat, kasama ang probisyon at alokasyon ng



pondo na magbibigay proteksyon sa kanilang karapatan magpahayag at makilahok sa ma pampublikong gawain. Kabilang sa mga grupong ito ay kabataang kababaihan, LGBTIQ (mga kabataang may ibat-ibang pananaw at pagkilala sa kanilang sekswalidad at pagpapahayag ng sarili), kabataang may kapansanan, katutubo, relihiyosong grupo, migrante, mga kabataang walang kumikilalang nasyon, mga kabataang sadlak sa kahirapan, mga wikang minoritya, kababaihan, mga buntis, bata, mga taong sadlak sa digmaan, sex workers, mga positibo sa HIV and AIDS, dropout, gumagamit ng droga, mga walang permanenting tirahan.

5. Maagap na pagtugon at pakikipag-ugnayan sa mga kabataan sa mga sumusunod na isyu:

Mga tungkulin, gampanin at epekto ng mga kabataan patungkol sa mga isyung pangkapayapaan:

- Pagbubuo at pagsusuporta ng mga dayalogo kasama ang ibat'ibang gobyerno at sektor ng lipunan;
 - Pagsisimula at pagbubuo ng mga kurikulum at programang edukasyon na may layuning hubugin ang isipan ng kabataan sa mga alternatibong pamamaraan sa pagsasagawa ng mga pangkapayapaang programa;
 - Paglalaan ng mga espasyong malayang magagalawan at paglalahukan ng mga kabataan sa mga pangkapayaang gawain katulad ng interfaith at cross-cultural na dayalogo sa rehiyunal, pambansa at lokal na konteksto, lalo na sa mga lugar na laganap ang hidwaan; at
 - Pagsisiguro ng kaligtasan ng mga kabataang naapektuhan at patuloy na naapektuhan ng digmaan at hidwaan.
- Malinis na pamamahala, demokrasya at kalayaan sa pamamahayag:
- Repormahin at paigtingin ang mga institusyon at polisiya na naglalayong bigyan ng espasyo at pantay na partisipasyon ang mga kabataan sa bawat antas politika.
 - Pag-aralan, baguhin at ibasura ang mga batas at polisiya na taliwas sa mga prinsipyo ng demokrasya, karapatang pantao ng mga kabataan, malinis at patas na halalan; malayang pamamahayag, bukas, may integridad at pananagutan sa nasasakupan, at higit sa lahat malayang paghagilap ng impormasyon, at
 - Payabungin at palakasin ang mga institusyon at ahensya na nangangalaga at nagpapalaganap ng proteksyon ng mga kabataan sa ASEAN at sumusuporta sa adhikain ng rehiyunal na charter ng grupo.



- Pagtitiyak ng disentang trabaho at kabuhayan para sa mga kabataan ng Timog-Silangang Asya:
 - Pagpapatupad, pagsusubaybay at pagkikilatis ng mga polisiyang pangkabuhayan ng mga gobyerno at magsisiguro na ang mga ito ay maka-kabataan, siyentipiko at naaayon sa mandato at pamantayan ng International Labor Organization (ILO). Ang mga pamantayan na ito ay patas, pantay-pantay, kinikilala, ipinatutupad at naglalaan ng pantay na oportunidad para sa lahat.
 - Katulong ang pribadong sektor, agarang pagbubukas ng mga trabaho para sa kabataan at paglikha ng isang maasahan at bihasang workforce sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga programang may kinalaman sa pagnenegosyo at pagbubukas ng mga oportunidad sa pagsasagawa ng internship. Kabilang sa mga programang ito ang mga pagpapatuloy ng propesyunal na edukasyon, pormal, impormal at di-pormal na mga lapit sa pagnenegosyo, proteksyong panlipunan at higit sa lahat paglalaan ng oportunidad na magkaroon ng espasyo para sa mga miyembro ng ASEAN na magpalitan ng kuro-kuro sa pagpapatibay ng mga oportunidad na bukas para sa lahat.
 - Paglalaan ng panahon at puhunan sa pagpapaigting at pagpapalago ng motibasyon at kapasidad ng kabataan nang sa gayon ay mabigyan sila ng oportunidad na hasain at isapamuhay ang mga krusyal na pagpapasya hinggil sa pagnenegosyo at hinaharap.
 - Pagsisiguro ng makatao at pantay-pantay ang akses ng lahat ng kabataan sa trabaho at mga oportunidad. Protektado sila sa diskriminasyon lalong-lalo na ang mga nasa laylayan na sektor kabilang ang mga kabataang migrante.
 - Ipalaganap and paigtingin ang mga polisiya na sumisikil sa diskriminasyon sa mga kabataan sa pagpasok at paglahok sa mga trabaho.

- Dekalidad na edukasyon para sa lahat ng kabataan ng Timog-Silangang Asya
 - Pagtukoy at pagbubuo ng mga balangkas na gagabay sa pagsasapormal ng mga programang pang-edukasyon (pormal, impormal at di-pormal) na nakaangkla sa paglago ng kabataan. Kaugnay ng pagbabalangkas na ito ang masusing pagtalakay at pagsisiguro sa mga susunod na aspekto: mga tauhan, imprastruktura, materyales panturo at mga gusali at establisyemento na paglulunsaran ng klase.
 - Paglalaan at pagsasaayos ng mga pondo upang masiguro ang pagkakabuo ng dekalidad na edukasyon at pantay-pantay na akses na nakasandig sa pagpapalago ng kabataan at pagpapaigting ng kaniyang kapasidad.
 - Pagbubuo ng isang rehiyunal na polisiya na nagmamandato sa libre, malalapitan at pantay na akses para sa lahat ng kabataan.



- Pagpapaigting ng karapatan at akses ng mga kabataan sa sekswal at reprodaktib na mga programa
 - Pagbibigay akses sa mga kabataaan sa lahat ng serbisyong medikal na may kinalaman sa reprodaktib at sekswal na kalusugan ng mga ito sa buong rehiyon. May partikular na pokus para sa mga miyembro ng LGBTIQ, kabataang migrante, kabataang walang nasyon at sadlak sa digmaan, lalo na ang mga kabataang prostityut – babae, lalake, at kabilang sa ibang kasarian.
 - Pagbigay ng isang kumprehensibong programa na naglalayon na talakayin ang mga karapatan ng kabataan hinggil sa seks, kanilang kasarian at mga kaakibat na tungkulin at karapatan nila. Ang pamamaraanng pagtuturo ay nakaangkla sa magkakaibang pangangailangan ng bawat kasarian at iba pang konteksto kagaya ng mga kabataang di nagaaral, batang magulang; itong mga ito ang nangangailangan ng mas higit na atensyon at panahon.

- Kabataang migrante: pagsisiguro ng kanilang kalayaan, seguridad at karapatan laban sa ilegal na trafficking, at pagkawala ng nasyon
 - Ipalaganap ang pormal na programa at kurikulum na umiikot at nagbibigay diin sa kasaysayan, karapatang pantao, konteksto ng migrasyon ng tao at higit sa lahat ang pagkakaiba-iba ng mga kultura at tao.
 - Pagbibigay oportunidad at akses sa mga migranteng kabataan ng pormal, impormal at di-pormal na programa na naglalayong hubugin at pahusayin ang kanilang mga kakayahan.
 - Pagbubuo at pagpapalaganap ng mga polisiya na naglalayong protektahan ang karapatan at integridad ng mga migranteng kabataan lalong lalo na ang mga sadlak sag era at kaguluhan, mga nawalan ng nasyon, mga di-dokumentado, nangangailangan ng ligtas na matitirahan; at
 - Agarang pagraratipika ng internasyunal na batas sa paggawa at kumbensyon sa karapatang pantao na pareho may malaking epekto sa mga kabataan at ibang nabibilang sa migrante indibidwal.

- Pagsasatupad at pagpapanatili ng rehiyunal na kapaligiran (pagpapanatili ng mga kagawian, kultura at indibidwal na pagkakakilanlan).
 - Pagpapasinaya at pagsuporta sa mga programang may kinalaman sa kalikasan na naglalayong resolbahin ang mga transnayunal na isyu ng kapaligiran;
 - Pagkilala at pagtataguyod sa kilusan na may kinalaman sa hustisya para sa kapaligiran bilang isang produktibong oportunidad para sa mga kabataan na isapamuhay, isapraktika, buuin, ipalaganap at paigtingin ang mga batas at polisiya na



- may kinalaman sa kapaligiran, kalusugan at pagpapanatili na malinis at ligtas ang mga ito;
- Pagsisiguro na bukas, may pananagutan at malinaw ang mga tungkulin at karapatan ng lahat ng kasapi sa bawat antas – lokal, [ambansa at transnayunal – sa pagbubuo ng mga programa at plano pangkalikasan.
 - Ilahok ang mga kabataan sa lahat ng uri ng dayalogo, konsultayon at padedesisyon nang masiguro pagpapanatili ng diskusyon sa pagpapanatili na ligtas makakalikasan ang mga ito.
 - Paigtingin at pagbutihin ang mga programang may kinalaman sa pagaayos at pagresponde sa panahon ng sakuna.

Kami, mga kabataan ng ASEAN, ay may karapatan na magkaroon ng palagiang akses sa impormasyon at may kakayahang humubog at manguna sa mga pambansa at rehiyunal na mga usapin. Karapatan naming tamasahin ang mga karapatang ipinagkaloob sa amin, at higit sa lahat inaasam namin na gawing makatao at para sa tao ang buong komunidad ng ASEAN.

Ang karapatan ng kabataan ay mga basikong karapatang pantao!

Yangon University, Yangon, Myanmar